

# Lymphoma

Ang Lymphoma ay isang kanser ng lymphatic system. Ito ay isang magkakaibang grupo ng sakit at maaaring uriin sa dalawang pangunahing uri: Hodgkin's lymphoma at Non-Hodgkin lymphoma. Mas karaniwan sa Hong Kong at mga karatig na lugar sa Asya ang Non-Hodgkin lymphoma. Isa rin ito sa mga “unang 10 kanser na nakamamatay” sa Hong Kong.

## 1. Ano ang Lymphoma?

Ang katawan ng tao ay kalat na lymphatic network na binubuo ng mga lymph duct at lymph gland na kung saan dumadaloy ang mga lymphocytes patungo sa mga organ at tisyu ng katawan upang labanan ang impeksiyon.

Gayunman, kapag may mga malalang pagbabagong nagaganap sa mga lymphocyte, patuloy na dadami ang mga ito at matitipon sa mga lymph gland, bubuo ng bukol, at kakalat sa bone marrow, atay at iba pang organ. Ang anyong ito ng kanser, na nagmula sa lymphatic system, ay tinatawag na “lymphoma”.



## **2. Ano-ano ang mga panganib na kadahilanan para sa pagbuo ng Lymphoma?**

Ang lymphoma ay magkakaibang grupo ng sakit. Mayroon itong dalawang pangunahing uri: Hodgkin lymphoma at non-Hodgkin lymphoma. Maaari silang maiuri batay sa kanilang klinikal na sintomas at patolohikal na mga tampok ng indibidwal na bukol, kasama ang limang pangalawang-uri ng Hodgkin lymphoma at mahigit sa 30 pangalawang-uri ng non-Hodgkin lymphoma. Ang Non-Hodgkin lymphoma ay maaaring igrupo nang malawakan sa indolent non-Hodgkin lymphoma at aggressive non-Hodgkin lymphoma ayon sa klinikal na mga tampok at bilis ng paglaki.

## **3. Ano-ano ang mga sanhi ng Lymphoma?**

Hindi pa ganap na nauunawaan ang mga sanhi ng lymphoma. Ipinakita ng mga kamakailang pag-aaral na ang ilang tiyak na panganib na kadahilanan ay nagpapataas sa tsansa na mabuo ang lymphoma. Kabilang dito ang mga pagbabagong genetiko, ilang impeksiyon (hal. impeksiyon sa pamamagitan ng human Immunodeficiency virus), radiation, mga kemikal at mga sakit ng immune system (gaya ng rheumatoid arthritis, acquired immunodeficiency syndrome (AIDS) at mababang immune system sanhi ng mga gamot na pampigil sa immune system matapos ang paglilipat ng organ.



#### **4. Madali bang mapansin ang mga sintomas ng Lymphoma?**

Ang walang pananakit na pamamaga ng mga lymph gland, ang pinakakaraniwang sintomas sa mga pasyenteng may lymphoma. Karaniwang nangyayari ang pamamaga sa leeg, kilikili at singit (lugar kung saan nagtatagpo ang puson at mga hita) at unti-unting kumakalat sa mga lymph gland ng ibang bahagi ng katawan, bone marrow at iba pang organ.

Karaniwan ding makikita ang iba pang sintomas gaya ng lagnat, labis na pagpapawis, kawalan ng gana sa pagkain, pagbaba ng timbang, patuloy na pangangati ng balat at pagkapagod. Kapag kumalat na ang mga selula ng lymphoma sa bone marrow at naapektuhan ang produksiyon ng dugo, maaaring magkaroon ang pasyente ng anemia, magkapasa at madalas na impeksiyon.

Gayunman, maaari ding mangyari ang mga sintomas na ito sa ibang sakit at maaaring hindi dahil sa lymphoma. Kaya, kung nagpapatuloy ang pamamaga sa isa o higit pang mga lymph gland o nanatili ang mga sintomas, dapat humingi ng payo ang pasyente mula sa mga doktor sa lalong madaling panahon.

#### **5. Paano suriin at gumawa ng pag-diagnose para sa lymphoma?**

Karaniwang sintomas ng lymphoma ang pamamaga ng lymph gland. Gayunman, ang mga impeksiyon sa mga lugar ng ulo at leeg (gaya ng tonsillitis), pulmonary tuberculosis o mga malalang bukol na kumalat mula sa iba pang lugar ay maaari ding maging sanhi ng pamamaga ng lymph gland sa leeg at maaari nitong gawing mahirap mapatunayan ang pag-diagnose.

Bilang karagdagan sa masusing pagsusuri ng kasaysayan at katawan, ang pagsusuri ng apektadong lymph gland sa pamamagitan ng lymph gland biopsy ang tanging



paraan upang matukoy kung ang pamamaga ay hindi makakasama o malala.

Sa sandaling makumpirma ang pag-diagnose sa lymphoma, kailangan ng pasyente ng karagdagang mga pagsusuri upang matingnan ang kanyang pangkalahatang kalusugan at alamin kung gaano kalawak ang pagkalat ng lymphoma at ang pagbabala. Kabilang dito ang mga pagsusuri ng dugo, X-ray, computerized tomography (CT) scan, positron-emission tomography/computed tomography (PET/CT) at pagsusuri ng bone marrow.

Kapag tapos na ang pagsusuri, dapat ay maaari nang matukoy ang yugto ng lymphoma. Maaaring maging I, II, III o IV ang yugto ng lymphoma depende sa kung gaano kalawak nang kumalat ang lymphoma.

## 6. Ano ang paggamot para sa lymphoma?

Kabilang sa mga paggamot para sa lymphoma ang chemotherapy, immunotherapy, radioimmunotherapy o radiotherapy. Magpapasya ang mga doktor ng angkop na plano sa paggamot para sa mga pasyente ayon sa kanilang pangkalahatang kalusugan, partikular na subtype ng lymphoma at ang yugto ng lymphoma. Sa mga espesyal na sitwasyon, maaaring ipayo ng mga doktor ang bone marrow o peripheral blood stem cell transplantation o ipatala ang mga pasyente sa mga klinikal na pagsubok.

Ang Chemotherapy ay isang malawak na ginagamit na paggamot para sa lymphoma. Inilalapat ang mga gamot laban sa kanser sa pamamagitan ng pag-inom o pag-iniksiyon sa ugat upang patayin ang mga selula ng kanser. Gayunman, maaaring maapektuhan ang malulusog na selula at tisyu, na magresulta sa makabuluhang mga side effect at paghihirap.

Sangkot sa radiotherapy ang paggamit ng mataas na enerhiya ng radiation mula sa makina ng X-ray upang patayin ang mga selula ng kanser sa apektadong lugar. Maaari itong ibigay nang nag-iisa o kasama ang chemotherapy para sa mas mahusay na resulta ng paggamot at pagbawas ng mga side effect.

Bukod sa tradisyonal na radiotherapy at chemotherapy, naging isang mahalagang paggamot ang “immunotherapy” para sa lymphoma. Sangkot sa immunotherapy ang paggamit ng mga selula o mga antibody ng immune system upang gamutin ang kanser. Dahil karamihan sa mga B-cell type non-Hodgkin lymphoma ay may taglay na antigen, CD20, sa ibabaw ng selula, nagawa ang mga gamot na para sa immunotherapy o radioimmunotherapy na partikular na dinisenyo upang i-target ang CD20 surface antigen. Kabilang dito ang rituximab, tositumomab at ibritumomab tiuxetan. Ang Rituximab ay isang monoclonal antibody na maaaring makakilala at ikabit ang sarili nito sa ibabaw ng CD20 antigen ng B-cell lymphoma. Pagkatapos ay pinasisigla nito ang



immune response upang patayin ang mga selula ng lymphoma. Epektibo ang Rituximab at may kaunting side effect sa paggamot ng hindi aktibong lymphoma. Maaari din itong isama sa chemotherapy upang gamutin ang mga agresibong B-cell lymphoma at nagpakita na napabuti ang resulta ng paggamot. Ang Tositumomab at Ibritumomab tiuxetan ay mga gamot para sa “radioimmunotherapy” na ginawa sa pamamagitan ng pagsasama ng isang anti-CD20 monoclonal antibody at mga radioactive na kemikal, iodine-131 (131I) at yttrium-90 (90Y) ayon sa pagkakabanggit. Sumasama sila sa CD20 antigen sa ibabaw ng mga selula ng B-cell lymphoma at pinapatay ang mga selula ng lymphoma sa pamamagitan ng enerhiya ng radiation na inilalabas ng mga radioactive na kemikal. Ito ang mga pangunahing pambihirang tagumpay sa paggamot ng lymphoma sa huling dalawang dekada.

Ang paglilipat ng bone marrow o peripheral blood stem cell sa lymphoma ay ang paggamit ng mataas na dosis ng chemotherapy at/o radiotherapy na sinusundan ng muling pagsasalin ng bone marrow o peripheral blood stem cell mula sa mismong pasyente o donasyon ng kanilang malalapit na kapamilya. Gayunman, ang panganib ng paggamot na ito ay medyo mataas, kaya ito ay karaniwang ginagamit sa mga piling pasyente na may pag-ulit ng kanser.



## **7. Paano alagaan ang pasyente na may lymphoma sa panahon ng paggamot?**

Bago ang paggamot, tatalakayin at ipaliliwanag ng doktor sa pasyente ang mga detalye ng mga pamamaraan, mga plano sa paggamot, at kanilang mga posibleng side effect at mga komplikasyon. Habang nagsisimula ang paggamot, maaaring maging masama ang pakiramdam ng pasyente dahil sa mga side effect. Gayunman, hindi lahat ng pasyente ay makararanas ng parehong antas ng mga side effect. Maaari ding mag-iba ang mga komplikasyon depende sa pamamaraan ng paggamot at mga uri ng gamot na ginamit na laban sa kanser.

Kabilang sa mga side effect ng chemotherapy ang pagkawala ng ganang kumain, pagduduwal, mga ulser sa bibig, pagkalugas ng buhok, pagtatae at impeksiyon na kaugnay ng mababang bilang ng mga puting selula ng dugo. Gayunman, marami sa mga komplikasyong ito ay pansamantala. Sa sandaling tapos na ang paggamot unti-unting mawawala ang mga ito at bubuti. Ilalapat ng doktor ang iba pang gamot upang mapagaan ang kahirapan. Kabilang sa karaniwang mga side effect ng radiotherapy ang pagkapagod at pantal sa balat ng ginagamot na bahagi. Ang iba pang mga side effect ng radiotherapy ay nag-iiba depende sa mga bahagi ng katawan na sumasailalim sa paggamot.

Samakatuwid, napakahalaga ang tamang pag-aalaga at nutrisyon. Kailangan ng pasyente ng balanseng diyeta, angkop na ehersisyo at pahinga. Kailangang bigyang-pansin ng pasyente ang kanyang personal na kalinisan sa panahon ng kurso ng paggamot. Dapat na laging linisin at panatilihing malinis ang kuwarto, damit at mga kagamitan. Huwag kumain ng pagkaing hindi masyadong luto. Bawasan ang pagpunta sa masisikip na pampublikong lugar at iwasan ang paglapit sa mga kaibigan at pamilya na may trangkaso o iba pang impeksiyon.

## **8. Paano harapin?**



Kapag nalaman ng mga tao na mayroon silang lymphoma, gaano man sila kalakas, palagi silang nababalisa at nanghihina. Walang duda na kailangang umasa ng pasyente sa doktor at gamot upang labanan ang sakit. Gayunman, pare-parehong mahalaga ang pag-aalaga, suporta at pagpapalakas ng loob mula sa mga kaibigan at pamilya. Dapat makipag-usap ang pasyente sa kanilang mga pamilya at kaibigan at ipaalam sa kanila ang kanyang mga damdamin, pangangailangan at pag-unlad.

Gayundin, maraming samahan at organisasyon sa komunidad na nagbibigay ng karagdagang impormasyon at suporta sa mga pasyente na may kanser. Malaking tulong ang lahat ng ito sa panahon ng buong kurso ng paggamot.